## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang pagsailalim o pagsasagawa ng isang panayam bilang kinakapanayam o tagapagpanayam ay karaniwang nangyayari sa buhay ng tao. Ang panayam ay maaaring ginagawa para matanggap sa trabaho o upang makapasok sa isang paaralan. Sumasailalim din sa isang panayam ang taong humihiling na mabigyan ng visa o pahintulot para makapasok sa ibang bansa. Maaari ring sumailalim sa panayam bilang bahagi ng trabaho o kaya ay kapag nagsasagawa ng pananaliksik o *survey*. Maging ang mga palatuntunan sa telebisyon ay mayroong mga bahaging may panayam. Subalit iilan lamang ang nakakaalam kung paano ang pagsasagawa ng isang matagumpay na panayam. Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang maisagawa iyon.

Ang bahaging ito ay nahahati sa apat na aralin:

Aralin 1 – *Ano ang Isang Panayam?*

Aralin 2 – *Ang Tagapanayam—Ang Sining ng Pagtatanong*

Aralin 3 – *Ang Kinakapanayam—Ang Sining ng Pagsagot sa mga Katanungan*

Aralin 4 – *Mga Mabubuting Kasanayan sa Pakikipanayam*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito magagawa mo nang:

- tukuyin kung kailan at bakit isinasagawa ang pakikipanayam;
- ipaliwanag kung papaano magsagawa ng isang pakikipanayam;
- ipaliwanag kung paano makibahagi sa isang panayam; at
- magsagawa ng mahusay na pakikipanayam.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Pinakamabuti para sa iyo ang sagutin muna ang sumusunod bago magtungo sa Aralin 1. Ito ay makatutulong sa iyo upang malaman kung gaano kalawak ang iyong kaalaman tungkol sa pagsasagawa o pakikilahok sa isang panayam.

Lagyan ng tsek ang lahat ng mga pahayag na umaakma sa iyo.

- ☐ Alam ko kung ano ang panayam.
- ☐ Naranasan ko na ang makapanayam.
- ☐ Alam ko kung papaano kumapanayam ng mga tao.
- ☐ Hindi pa ako nakararanas makapanayam.
- ☐ Nais kong malaman kung paano maghanda sa isang pakikipanayam.
- ☐ Nais kong madagdagan ang aking kakayahanng mga bagong paraan ng pakikipanayam.

Kung nilagyan mo ng tsek ang unang tatlong pahayag, mabuti. Maari mo pa ring gamitin ang modyul na ito upang pagbalik-aralan ang mga proseso ng pakikipanayam at matuto ng mga bagong pamamaraan nito.

Kung nilagyan mo ng tsek ang huling tatlong pahayag, ang modyul na ito ay para sa iyo. Ituturo nito sa iyo ang lahat ng nararapat mong malaman tungkol sa pakikipanayam.

Maaari ka nang magtungo sa susunod na pahina para sa Aralin 1.

# ARALIN 1

## Ano ang Panayam?


Bago ka makapagsagawa ng isang matagumpay na pakikipanayam, kailangan mo munang maunawaan ang iba't ibang anyo o ayos nito. Ang magkakaibang anyo ng pakikipanayam ay nangangailangan din ng iba't ibang uri ng paghahanda.

Matapos pag-aralan ang Aralin 1, dapat ay alam mo nang:

- ilarawan kung ano ang panayam;
- tukuyin ang mga layunin ng pakikipanayam; at
- magtakda ng sarili mong pakikipanayam.

### Basahin Natin Ito











## Subukan Natin Ito

Ibagay ang titik na tumutugon sa wastong sagot na bubuo sa bawat pangungusap sa ibaba.

____ 1. Ang pakikipanayam ay

____ 2. Si Rudy ay kailangang makapanayam

____ 3. Ang pakikipanayam ay binubuo ng isang serye

____ 4. Si Lito ay na kapanayam na noong


a. siya ay mag-aplay sa trabaho.

b. isang pormal na pagkikita at pakikipag-usap sa isang tao upang makakuha ng karagdagang impormasyon.

c. ng mga katanungan at kasagutan mula sa tagapanayam at sa kinakapanayam.

d. tungkol sa kahilingan niyang magkaroon ng visa sa ibang bansa.

Ihambing ang iyong mga sagot sa nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38. Tama bang lahat ang iyong kasagutan? Kung oo, mahusay. Kung hindi, kailangan mong basahing muli ang komiks at sa pagkakataong ito ay tandaan ang mga tamang sagot.



## Alamin Natin

**Iba’t-ibang uri ng Pakikipanayam**

Ang mga tao ay nasasangkot sa pakikipanayam araw-araw. Ang **pakikipanayam** ay isang pormal na pakikipagkita at pakikipag-usap sa isang tao upang makakuha ng karagdagang impormasyon o kaalaman.

Ang pakikipanayam ay isinasagawa para sa iba’t ibang kadahilanan. Ang pinaka-karaniwang uri ng panayam ay ang **pamimiling panayam.** Ang uri ng pakikipanayam na ito ay ginagamit para sa pagpili, pag-upa at pagbibigay-trabaho sa mga aplikante, kawani at mga kasapi ng isang organisasyon. Ang isang tao ay maaari ring makapanayam para sa isang trabaho, pautang ng bangko maging sa paghiling ng visa upang makapaglakbay sa ibang bansa. Sa mga panayam para sa trabaho, ikaw ay pinipili batay sa iyong kakayahan at sa pangangailangan ng kompanya. Ang panayam para sa pautang ng bangko ay isinasagawa upang malaman kung nararapat kang pagkalooban ng pautang batay sa layunin mo at sa iyong kakayahang makabayad. Ang mga panayam para sa paggagawad ng visa ay isinasagawa naman upang malaman ng pamahalaan ng ibang bansa kung nararapat kang pagkalooban ng pahintulot na dumalaw sa kanilang bansa at bigyan ng kaukulang papeles. Ang iba pang halimbawa ng ganitong uri ng pakikipanayam ay:

- panayam para sa pagpasok sa kolehiyo;
- panayam para sa promosyon;
- pantrabahong panayam para sa mga tungkuling gaya ng teller sa bangko, nars, sekretarya, karpintero at tubero; at
- panayam para sa mga Pilipinong magtatrabaho sa ibang bansa.





## Subukan Natin Ito


Sagutan nang maikli ang sumusunod na katanungan.

Ikaw ba ay sumailalim na sa isang **pamimiling panayam?** Anong uri ng pamimiling panayam ito?

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________



## Alamin Natin

Ang isa pang uri ng panayam ay ang **panayam upang mangalap ng impormasyon.** Naghahangad ito na makakuha ng pangyayari, opinyon, damdamin, gawi at kadahilanan para sa mga piling pagkilos. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga mamamahayag sa pagtatanong sa mga opisyal ng pamahalaan upang magsalita ukol sa isang partikular na isyu. Ito ay madalas nating makita sa mga balita sa telebisyon. Ang iba pang halimbawa ng ganitong uri ng panayam ay:

- pananaliksik (survey);
- pagboto (kung eleksyon);
- eksit interbyu (kung ang tao ay aalis na sa kasalukuyan niyang trabaho);
- pananaliksik na panayam (ng mga mag-aaral); at
- pampulisyang panayam.





## Subukan Natin Ito

Sagutan nang maikli ang mga katanungan sa ibaba.

1. Naranasan mo na bang pahintuin sa kalye at tanungin para sa isang pananaliksik o survey? Kung oo, tungkol saan ang pananaliksik na iyon?


   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________

2. Ang iyong tahanan ba ay nadalaw na ng mga tagapanayam para sa isang sensus? Kung oo, anong uri ng impormasyon ang kanilang kailangan?

   _______________________________________________________________

   _______________________________________________________________



## Alamin Natin

Ang **panlutas-suliraning pakikipanayam** ay isinasagawa upang malutas ang isang problemang kinasasangkutan ng dalawa o higit pang tao. Ito ay maaari ring gamitin upang magtipon ng mungkahi para sa kalutasan ng problema. Isang halimbawa nito ay ang pakikipagpulong ng kapitan ng barangay sa mga kasapi ng kanyang komunidad upang bigyang kalutasan ang kanilang problema sa basura. Ang ganitong uri ng pakikipanayam ay maaari ring gamitin para sa mga suliraning gaya ng:

- pagbaba ng bilang ng kliyente o benta ng isang kompanya;
- pagkasira ng mga computer sa isang opisina; at
- mga paiba-ibang sintomas ng isang pasyente sa ospital.



Ang **panghihikayat na panayam,** sa kabilang dako, ay isinasagawa kung mayroon kang nais baguhin sa pag-iisip, damdamin o kilos ng isang tao. Halimbawa, kung ikaw ay nasa palengke, tatanungin ka ng mga tindera ng "Ano ang iyong hinahanap?" at iba pang mga katanungan upang mahikayat kang bumili ng kanilang mga produkto. Ang iba pang halimbawa ng ganitong uri ng pakikipanayam ay ang mga sumusunod:

- pakikipanayam para sa pangangalap ng pondo;
- pananaliksik para sa isang kandidato sa eleksiyon; at
- pangangalap ng tauhan ng isang organisasyon.




Ang mga pakikipanayam ay mahalaga sapagkat lumilikha ito ng pagkakataon sa tao upang makapagtanong o makapagbigay ng kasagutan sa mga paksang may kinalaman sa kanila. Hindi tayo dapat matakot sa mga panayam sapagkat nakatutulong ito upang makatuklas tayo ng mga bagong bagay tungkol sa ibang tao, mga partikular na sitwasyon, pagkakataon at/o mga suliranin.



## Subukan Natin Ito

Isulat ang ilan sa mga pakikipanayam na nilahukan mo o ng iyong pamilya at uriin ang mga ito ng naaayon sa mga uring nauna nang nabanggit.

| **Panayam** | **Uri** |
|---|---|
| *Halimbawa:* | |
| Kuya—panayam sa trabaho | Pamimiling panayam |
| ______________________________ | ________________________________ |
| ______________________________ | ________________________________ |
| ______________________________ | ________________________________ |
| ______________________________ | ________________________________ |

Nagawa mo ba ito? Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa mga halimbawang kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutan nang maikli ang sumusunod. Pagkatapos ay gawin kung ano ang ipinagagawa.

Kung ikaw ay makikipagpanayam sa isang tao sa inyong komunidad, sino ito at bakit? Anong uri ng pakikipagpanayam ang iyong isasagawa?

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Kontakin ang taong ito at kapanayamin siya sa isang partikular na paksa. Itakda ang panayam ilang araw matapos makumpleto ang modyul na ito. Punan ang mga patlang sa ibaba.

Kakapanayamin ko si G./Gng./Bb. __________________ .

Siya ang _________________ sa aming pamayanan.

Ang pakikipanayam ay tungkol sa ___________________.

Ang pakikipanayam ay nakatakdang gawin sa _________, _______________.

Sumangguni sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39 para sa ilang maaaring kasagutan.

## Tandaan natin

- Ang **panayam** ay isang pormal na pagkikita at pakikipag-usap sa isang tao upang makakuha ng mga karagdagang impormasyon.
- Ang **pamimiling pakikipanayam** ay ginagamit sa pagpili, pag-upa at pagbibigay-trabaho sa mga aplikante, kawani at mga kasapi ng isang organisasyon. Ito ay isinasagawa para sa trabaho, pautang ng bangko o paghiling ng visa upang makapaglakbay sa ibang bansa.
- Ang **panayam upang mangalap ng impormasyon** ay isang uri ng panayam na binalangkas upang makakuha ng pangyayari o opinyon, damdamin, gawi at kadahilanan para sa mga piling pagkilos. Ito ay gaya ng karaniwang ginagamit ng mga mamamahayag.
- Ang **panlutas-suliraning pakikipanayam** ay tulad ng mga ginagamit kapag nagtatalakay ukol sa kapakanan ng mga kasapi sa isang komunidad. Ito ay isinasagawa upang malutas ang isang problemang kinasasangkutan ng dalawa o higit pang tao.
- Ang **panayam-panghihikayat** ay isang panayam na katulad ng karaniwang nangyayari sa palengke. Ito ay ginagamit kung mayroon kang nais baguhin sa pag-iisip, damdamin at/o kilos ng isang tao.

# Ang Tagapanayam—Ang Sining ng Pagtatanong

Sa Aralin 1, nalaman mo kung ano ang panayam. Nalaman mo rin ang ibat-ibang uri ng pakikipanayam.

Sa araling ito, pagtutuunan natin ng pansin ang aktuwal na proseso ng pakikipanayam. Tututok muna tayo sa bahagi ng tagapanayam..

Matapos pag-aralan ang araling ito, inaasahang magagawa mo nang:

- mailarawan kung ano ang isang tagapanayam;
- tukuyin ang tatlong malaking bahagi ng pakikipanayam; at
- ihanda ang iyong sariling gabay sa pakikipanayam.




## Basahin Natin Ito

Mayroong dalawang taong bahagi sa isang pakikipanayam—ang tagapanayam at ang kinakapanayam.

Basahin ang mga sumusunod na pangkat ng salitaan at subukang humanap ng pagkakatulad sa pagitan ng tagapanayam at kinakapanayam.


**Pamimiling panayam**



**Panayam upang mangalap ng impormasyon**




**Panlutas suliraning panayam**




**Panayam panghihikayat**





## Subukan Natin Ito

Sagutan ang sumusunod na katanungan batay sa mga pag-uusap na iyong nabasa.

1. Ano ang karaniwang ginagawa ng isang tagapanayam?

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

2. Ano ang karaniwang ginagawa ng isang kinakapanayam?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Tingnan natin kung tama ang iyong sagot. Sumangguni sa sumusunod na talakayan.



## Alamin Natin

Ang **tagapanayam** ang nagtatanong sa isang panayam. Siya ang nagsasagawa ng pakikipanayam. Ang mga tagapanayam ang naghahanda ng mga katanungang maaaring itanong batay sa kanilang layunin. Sila rin ang nagtatakda kung kailan gaganapin ang pakikipanayam at kung anong paksa ang pag-uusapan.

Ang kinakapanayam, sa kabilang dako, ang sumasagot sa mga katanungan. Siya ay tinatawag na kalahok sa pakikipanayam.



## Magbalik-aral Tayo

Sa Aralin 1, ikaw ay nahilingang kumontak isang tao sa inyong komunidad para sa isang pakikipanayam. Sa partikular na sitwasyong nangyari;

1 Sino ang tagapanayam?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Sino ang kinakapanayam?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Gamitin ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39 upang tingnan kung tama ang iyong sagot. Natukoy mo ba nang tama kung sino ang tagapanayam at kinakapanayam? Ngayon ay maari ka nang magpatuloy sa aralin. Kung hindi mo natukoy, tingnang muli ang mga pag-uusap at tandaan ang mga tamang sagot.



## Subukan Natin Ito

Magkunwaring ikaw ay isang reporter ng balita para sa isang palatuntunan sa telebisyon. Inatasan ka ng iyong boss na kapanayamain ang hepe ng pulisya ng Maynila upang pag-usapan ang pagdami ng mga insidente ng carnapping o pagnanakaw ng mga sasakyan sa lungsod.

Nakatala sa ibaba ang mga pahayag o katanungan para sa iyong panayam sa hepe ng pulisya. Alamin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga katanungan. Lagyan ng bilang ayon sa pagkakasunod.

_____ 1. Salamat po Ginoo sa panahong ibinigay ninyo sa amin. Ang aming mga tagapanood ay nagagalak na malamang ginagawa ng buong puwersa ng pulis ng Maynila ang lahat ng kanilang makakaya upang lutasin ang suliraning ito.

_____ 2. Ano ang maaaring gawin ng mga motorista upang maiwasan ang carnapping?


_____ 3. Hepe Gonzales, mayroon po bang substansiyal na pagtaas ng mga kaso ng carnapping sa Maynila?

_____ 4. Sa dami ng nakakarnap na sasakyan, ilan dito ang naibabalik sa mga may-ari?

______ 5. Magandang umaga, Ginoong Gonzales. Ako po ay reporter para sa TV News. Nais ko po kayong makapanayam tungkol sa umano'y pagdami ng kaso ng carnapping sa Maynila.

______ 6. Ano ang kaparusahang naghihintay para sa mga magnanakaw ng sasakyan.

Ihambing ang iyong sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39. Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, mahusay kung hindi naman, huwag mabahala. Ang susunod na bahagi ng araling ito ay makatutulong sa iyo upang higit na maunawaan ang tatlong malaking bahagi ng isang pakikipanayam.



## Alamin Natin


Ang panayam ay mayroong tatlong malaking bahagi:

(1) ang panimula o pambungad;

(2) ang katawan ng panayam; at

(3) ang pagwawakas.

Sa **panimula,** binabati ng tagapanayam ang kinakapanaym ipinakikilala ang sarili at naglalahad ng layunin ng pakikipanayam. Ang isang mahigpit na pakikipagkamay at diretsong tingin sa mata (eye contact) ay makatutulong upang maipakita na pormal ang pakikipanayam. Isang halimbawa ng panimulang salaysay ang mababasa sa ibaba.



Sa **katawan** ng panayam, ang tagapanayam ay magbibigay ng mga katanungang kanyang inihanda. Mayroong ibat-ibang uri ng katanungang maaaring gamitin ng isang tagapanayam. Ito ay ang sumusunod:

1. Mga bukas—sa—dulong katanungan – nagbibigay daan upang malayang makasagot ang isang kinakapanayam.

   *Halimbawa:* Magsalita ka tungkol sa iyong sarili.

2. Mga saradong katanungan – nangangailangan lamang ng isang simpleng kasagutan. Ang kinakapanayam ay hindi na kailangang magbigay ng mahabang paliwanag.

   *Halimbawa:* Mayroon ka bang kaalaman tungkol sa aming kompanya? (Ang katanungang ito ay maaaring sagutin ng oo o hindi lamang.)

3. Mga susing katanungan – nagpapakilala ng mga paksang maaaring pag-usapan.

   *Halimbawa:* Ano ang iyong mga karanasan sa mga nauna mong trabaho na maaaring magamit para sa bakanteng posisyon? (Ang katanungang ito ay nagpapakita na ang tagapanayam ay nais nang pag-usapan tungkol sa mga katangiang kailangan mula sa kinakapanayam.)

4. Mga panunod na katanungan – nangangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag mula sa kinakapanayam.

   *Halimbawa:* Sa iyong palagay, ano ang iyong kalamangan sa ibang aplikante? (Ang katanungang ito ay tuwirang kaugnay ng susing katanungang inihalimbawa sa itaas.)

5. Mga patapos na katanungan – ginagamit kung nakuha na ng tagapanayam ang lahat ng impormasyong kanyang kailangan.

   *Halimbawa:* Mayroon ka pa bang nais sabihin tungkol sa iyong sarili?

6. Mga salaming katanungan – ginagamit kung kinakailangang linawin ang sagot ng kinakapanayam.

   *Halimbawa:* Ang ibig mo bang sabihin, mas mahusay kang magtrabaho kapag nasasailalim sa pressure?

Ang mga paglilinaw at salaming katanungan ay karaniwang hindi ginagamit sa pakikipanayam. Ginagamit lamang ito kung ang kinakapanayam ay nagbigay ng hindi kasiya-siya o di sapat na kasagutan.



## Magbalik-aral Tayo

Magbigay ng halimbawa sa bawat uri ng katanungan para sa pakikipanayam.

Sitwasyon ng pakikipanayam:

Bukas sa dulong katanungan:

Saradong katanungan:


Susing katanungan:

Panunod na katanungan:

Patapos na katanungan:

Salaming katanungan:

Ipakita ang iyong ginawa sa *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang puna o palagay.




## Alamin Natin

Sa isang panayam, pinakamahusay na tukuyin ang malalaking paksang dapat talakayin. Ang **gabay sa pakikipanayam** ay isang balangkas ng mga katanungang itatanong sa oras ng pakikipanayam. Nararapat na ang mga katanungang ito ay nakatuon sa isang paksa lamang depende sa uri ng pakikipanayam na iyong isasagawa. Ang mga panunod na katanungan ay pwede ring isama sa gabay ng pakikipanayam. Karamihan sa mga panayam ay naglalaman ng tatlong susing katanungan, at dalawang panunod na tanong para sa bawat susing katanungan. Makikita sa ibaba ang isang halimbawa ng gabay sa pakikipanayam.

**Gabay sa Pakikipanayam para sa Posisyong Klerikal.**

*Susing katanungan 1:* Magsalita ka tungkol sa iyong sarili.

| | |
|---|---|
| *Panunod na katanungan 1-a:* | Anu-ano ang iyong mga katangian na makakatulong sa iyong bagong paglilingkuran? |
| *Panunod na katanungan 1-b:* | Ilarawan ang iyong mga tungkulin sa iyong nakaraang trabaho. |
| *Susing katanungan 2:* | Mayroon ka bang kaalaman tungkol sa aming kompanya? |
| *Panunod na katanungan 2-a:* | Saan mo nakuha ang impormasyong iyan? |
| *Panunod na katanungan 2-b:* | Bakit mo gustong magtrabaho sa aming kompanya? |
| *Susing katanungan 3:* | Ano ang mga karanasan mo sa nauna mong trabaho na maaaring magamit mo sa klerikal na posisyon? |
| *Panunod na katanungan 3-a:* | Ano sa palagay mo ang iyong kalamangan sa ibang aplikante? |
| *Panunod na katanungan 3-b:* | Ano ang nalalaman mo tungkol sa paggamit ng kompyuter at iba pang kagamitan sa opisina? |
| *Panunod na katanungan 3-k:* | Maaari ka bang magtrabaho ayon sa itinakdang oras ng opisina? |



## Alamin Natin

Ang **pagwawakas** ay nagbabadya ng pagtatapos ng panayam. Sa bahaging ito, ang tagapanayam nagpapasalamat sa kinapanayam at sinasabi sa kanya kung ano ang susunod na mangyayari. Pagkatapos nito, ang tagapanayam ay makikipagkamay sa kinapanayam bilang tanda ng pagpapahalaga.




Ang mahusay na tagapanayam ay yaong nagtataglay ng mabubuting kasanayan sa pakikipanayam. Upang  malaman kung ano ang mga ito, magpatuloy sa kasunod na bahagi ng aralin.



## Basahin Natin Ito

Basahin ang iskrip na nasa Apendiks sa pahina 42 hanggang 47. Ito ay pinamagatang “Ang Panayam.” Ito ay nahahati sa dalawang bahagi: *Ang Sining ng Pagtatanong,* na nakasentro sa tagapanayam, at ang *Sining ng Pagsagot sa mga Katanungan,* na nakapokus naman sa kinakapanayam.

Basahin muna ang unang bahagi ng iskrip at suriin ang nilalaman.

Matapos mabasa ang unang bahagi ng iskrip, hinihiling na balikan mo ang bahaging ito at suriin ang napanood o nabasa sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain sa kabilang pahina.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang sumusunod na katanungan batay sa iskrip na iyong binasa.

1. Tungkol saan ang panayam?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Papaano sinimulan nina Fe at Lara ang kanilang panayam?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Anu-ano ang itinanong ni Fe at Lara? Sa anong uri ng katanungan ito naaangkop?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Papaano nila tinapos o winakasan ang kanilang pakikipanayam?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga makikita sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 39–40. Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, napakahusay mo! Kung hindi naman, maaari mong panoorin muli ang video.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Ngayong alam mo na ang tatlong malalaking bahagi ng pakikipagpanayam, handa ka nang magsagawa ng panayam sa isang tao mula sa iyong komunidad. Punan ang sumusunod na gabay sa pakikipanayam habang tinatandaan ang lahat ng iyong natutuhan.

1 Panimulang pahayag:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2 Katawan - Gabay sa pakikipanayam:

a. Susing katanungan 1: ____________________________________

1) Panunod na katanungan 1: ______________________________

2) Panunod na katanungan 2: ______________________________

b. Susing katanungan blg. 2: _________________________________

1) Panunod na katanungan 1: ______________________________

2) Panunod na katanungan 2: ______________________________

k. Susing katanungan 3: ____________________________________

1) Panunod na katanungan 1: ______________________________

2) Panunod na katanungan 2: ______________________________

3. Pangwakas na pahayag:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ipakita ang iyong ginawa sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator* para sa kanyang puna o palagay.

## Tandaan Natin

- Ang **tagapanayam** ay ang nagtatanong sa isang panayam.
- Ang **kinakapanayam,** sa kabilang dako, ay sumasagot sa mga katanungan sa isang panayam.
- Ang panayam ay may tatlong malaking bahagi. Ang mga ito ay ang pambungad o panimula, ang katawan at ang pangwakas.
- Sa **panimula o pambungad,** ang tagapanayam ay bumabati sa kinakapanayam, ipinakikilala ang sarili, at inilalahad ang layunin ng panayam.
- Sa **katawan,** ang tagapanayam ay nagbibigay ng mga katanungan.
- Ang iba't ibang uri ng mga katanungan sa pakikipanayam ay ang sumusunod:
    - mga bukas—sa—dulong katanungan – nagbibigay-daan upang malayang makasagot ang kinakapanayam.
    - mga saradong katanungan – nangangailangan lamang ng simpleng kasagutan. Ang kinakapanayam ay hindi na kinakailangang magbigay ng mahabang paliwanag.
    - mga susing katanungan – nagpapasimula sa mga paksang pag-uusapan.
    - mga panunod na katanungan – nangangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag mula sa kinakapanayam.
    - mga patapos na katanungan – ginagamit kung nakuha na ng tagapanayam ang lahat ng impormasyong kailangan.
    - mga salaming katanungan – ginagamit kung kinakailangang linawin ang kasagutan ng kinakapanayam.
- Ang gabay sa pakikipanayam ay isang balangkas ng mga katanungang balak mong itanong sa oras ng panayam.
- Ang pangwakas ay nangangahulugan ng pagtatapos ng pakikipanayam.

# Ang Kinakapanayam—Ang Sining ng Pagsagot sa mga Katanungan.

Sa Aralin 2, pinagtuunan natin ng pansin ang pagtatanong. Sa araling ito, sesentro tayo sa pagsagot sa mga katanungan o kung paano maging isang mahusay na kinakapanayam.

Pagkatapos pag-aralan ang Aralin 3, inaasahang kaya mo nang:

- sagutin nang buong husay ang mga katanungan sa isang panayam; at
- tukuyin ang mga hakbang na kinakailangang gawin ng isang kinakapanayam upang maghanda sa isang panayam.



## Basahin Natin Ito

Natatandaan mo ba sina Lito at Rudy mula sa Aralin 1? Ipagpatuloy natin dito ang kanilang kuwento. Nagpasiya si Lito na tulungan ang kanyang kapatid na maghanda para sa panayam. Tinanong niya si Rudy ng mga katanungang maaaring itanong ng visa officer.

Si Rudy ay humiling ng U.S. visa upang dumalaw sa kanilang mga kamag-anak at makapagbakasyon doon. Binigyan siya ng dalawa hanggang tatlong linggong bakasyon mula sa trabaho. Mag-isa siyang aalis sapagkat ang asawa niya ay nagtatrabaho at ang kanyang mga anak naman ay nagsisipag-aral.

Maaari mo bang tulungan si Rudy sa pagsagot sa sumusunod na tanong?



## Subukan Natin Ito

Ang sumusunod ay mga katanungang maaaring itanong kay Rudy sa panayam. Kung ikaw si Rudy, paano mo sasagutin ang mga katanungan? Maaari kang magtanong sa iyong pamilya o sinuman sa inyong komunidad na nakaranas na ng ganitong uri ng pakikipanayam upang makatulong sa iyo.

1. Anong uri ng visa ang iyong hinihiling?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Anong mga dokumento ang mayroon ka na magpapatunay na kaya mong tustusan ang mga gastusin sa paglalakbay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Paano mo masisiguro na babalik ka sa Pilipinas matapos mapaso ang iyong visa?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Makikita sa ibaba ang ilan sa mga posibleng kasagutan.

1. Ako ay humihiling ng tourist visa.

   – Ang tourist visa ay para sa mga taong nais na dumalaw sa kanilang mga kamag-anak sa ibang bansa. Subalit mayroon pang ibang uri ng visa, gaya ng pansamantalang visa para sa mga manggagawa, at students visa.

2. Dinala ko po ang aking bankbook, ang income tax return mula noong nakaraang taon, at ang titulo ng aming ari-arian sa Lungsod ng Quezon.


   – Sinusuri ng mga visa officers ang mga orihinal na kopya ng mga dokumento. Kailangan nilang makita na mayroon kang kakayahang pinansiyal na maglakbay sa ibang bansa.

3. Humingi ako ng bakasyon mula sa trabaho kung saan ako ay nakakontrata pa ng dalawang taon. Pinayagan ako ng aming kompanyang magbakasyon sa loob ng dalawang linggo. Ang asawa at mga anak ko ay narito.

   – Ang mga aplikante ng visa ay kailangang makapagbigay ng kasiguruhan sa visa officer na sila ay babalik sa Pilipinas.

Ang mga ibinigay na sagot ay ilan lamang sa mga posibleng kasagutan. Huwag mabahala, magkakaroon ka ng pagkakataong sagutin ang mga katanungan bilang takdang-aralin sa pagtatapos ng araling ito.

Ang mga kasagutan mo ba ay kahalintulad ng mga nakasaad sa itaas? Kung oo, mabuti. Kung hindi naman, kailangan mo pang magtanong sa ibang taong nakaranas na ng ganitong uri ng panayam upang makatulong sa iyo.



## Alamin Natin

Sa pakikipanayam, maging ang kinakapanayam ay dapat ding handa. May mga estratehiya sa pagsagot ng mahihirap na katanungan. Kabilang dito ang sumusunod:

1. Magbigay ng maikli at direktang kasagutan.

   *Tagapanayam:* Anong uri ng visa ang hinihiling mo?

   *Maling sagot ng kinakapanayam:* Dadalawin ko lang po ang aking mga kamag-anak.

   *Tamang sagot ng kinakapanayam:* Ako po ay humihiling ng tourist visa.

2. Maging kalugod-lugod, magalang at maayos sa pakikitungo.

   *Tagapanayam:* Gaano katagal ang ilalagi mo sa Amerika?

   *Maling sagot ng kinakapanayam:* Hindi ko po alam. Depende sa …..

   *Tamang sagot ng kinakapanayam:* Balak ko pong maglagi doon sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo.

3. Makinig at tumugon sa mga katanungan matapos itong pakinggan at unawaing mabuti.

   *Tagapanayam:* Nais kong malaman kung ……

   *Maling sagot ng kinakapanayam:* Alam ko ang kasagutan…..

   *Tamang sagot ng kinakapanayam:* (Hindi pinuputol ang tanong, bagkus ay naghihintay na matapos ang tanong ng tagapagpanayam at saka mabilis na nagbibigay ng kasagutan.)

4. Makiusap sa tagapanayam upang ulitin, o ipaliwanag ang mga kumplikado o di malinaw na katanungan.

   *Tagapagpanayam:* Sa anong estado ka maglalagi?

   *Maling sagot ng kinakapanayam:* Ano pong estado?

   *Tamang sagot ng kinakapanayam:* Ginoo, tinatanong po ba ninyo kung saan ako maglalagi sa panahon ng aking pagdalaw sa Amerika?

5. Piliing hindi sumagot sa mga di-akmang katanungan.

   *Tagapagpanayam:* Ano ang damdamin mo para sa mga Amerikano?

   *Maling sagot ng kinakapanayam:* Wala kayong pakialam!

   *Tamang sagot ng kinakapanayam:* Ginoo, sa palagay ko po ay hindi ko na kailangang sagutin ang tanong na iyan sapagkat wala naman po itong kinalaman sa paghiling ko ng visa.

6. Maging matapat kung hindi mo alam ang kasagutan.

   Kung mangyayari ito, ang isang mahusay na kinakapanayam ay maaaring sumagot ng: “Ikinalulungkot ko, ginoo, hindi ko po kayo masasagot sa ngayon. Subalit maaari ko pong alamin ang kasagutan diyan para sa inyo sa lalong madaling panahon.”

Dahil handa na si Rudy sa pagsagot sa mga katanungan, dapat naman niyang ihanda ngayon ang kanyang sarili sa aktuwal na pakikipanayam. Ano ang dapat gawin ni Rudy isang araw bago ang panayam?




## Subukan Natin Ito

Kung ikaw si Rudy, paano ka maghahanda para sa aktuwal na pakikipanayam? Paano ka magiging matagumpay na kinapanayam? Lagyan ng tsek ang mga bagay na iyong gagawin.

- ☐ Basahin ang aplikasyon sa visa na iyong pinunan. Nararapat na kompleto, wasto at totoo ang nilalaman nito.
- ☐ Paghandaan ang mga katanungang maaaring itanong sa iyo.
- ☐ Ihanda ang iyong mga sagot para sa mga inaasahang tanong.
- ☐ Piliin na ang damit na iyong isusuot isang araw bago ang panayam.
- ☐ Dalhin lamang ang mga dokumentong susuporta sa iyong aplikasyon.
- ☐ Alamin kung gaano kahaba ang oras na gugugulin upang makarating sa oras sa lugar ng panayam.
- ☐ Kung hindi mo alam kung papaano makarating sa lugar ng panayam, humingi ng direksiyon.

Kung nalagyan mo ng tsek ang lahat ng nakasaad sa itaas, mabuti. Kung hindi magpatuloy sa pagbabasa upang malaman ang dahilan kung bakit kailangan mo itong gawin.



## Alamin Natin

***Paghahanda para sa Pakikipanayam***

- ♦ Bilang isang kakapanayamin, alamin muna ang eksaktong lugar na gaganapan ng panayam at kung paano makakarating doon. Sa ganitong paraan, hindi ka maliligaw at makararating sa takdang oras.
- ♦ Umalis nang maaga sa bahay at tantiyahin kung gaano kahabang oras ang kailangan upang makarating sa takdang oras ng panayam.
- ♦ Ihanda ang iyong isusuot isang araw bago ang pakikipanayam upang masiguro na mayroon kang angkop na kasuotan para dito. Tandaan, ang iyong hitsura ang unang makikita ng tagapanayam. Kung ganoon, dapat kang maging presentable.

- Sa sandaling pumayag ka sa isang pakikipanayam, dapat mong malaman kung bakit ka kakapanayamin. Makatutulong ito upang maihanda mo ang sarili, pati na ang mga dokumentong maari mong kailanganin sa panayam. Sa pagsasagawa nito, maiiwasan mo ang problema ng pagbalik maipakita lamang sa tagapanayam ang kinakailangang dokumento.
- Basahin at maingat na punan ang application form. Isapuso ang iyong isinulat. Laging maging tapat kapag ikaw ay nag-aaplay sa isang bagay.
- Sapagkat alam mo kung tungkol saan ang panayam, mag-isip ng mga posibleng katanungan na maaring itanong ng tagapanayam at maghanda ng sagot para dito.
- Ang mahuhusay na kinakapanayam ay nagsasaliksik rin. Magbasa o magtanong sa ibang tao tungkol sa paksa o sa uri ng pakikipanayam na iyong lalahukan.



## Subukan Natin Ito

Kung ikaw si Rudy, paano mo sasagutin ang sumusunod na katanungan? Hilingin ang Tagapagturo na makinig habang sinasagot mo ang mga tanong para sa kanyang puna.

1. Anong uri ng visa ang iyong hinihiling?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Ano ang dala mong mga dokumento na magpapakita ng iyong kakayahang tustusan ang iyong paglalakbay?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Paano mo masisiguro sa amin  na babalik ka sa Pilipinas matapos mapaso ang iyong visa?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________



## Basahin Natin Ito

Basahin natin ngayon ang ikalawang bahagi ng iskrip na pinamagatang *Ang Sining ng Pagsagot sa mga Katanungan*. Ito ay nakasentro sa kung papaano magbigay ng mga mabisang kasagutan sa pakikipanayam. Makikita dito ang dalawang kinakapanayam at kung paano “dinala” ng bawat isa ang kani-kaniyang panayam. Pagkatapos mabasa ang iskrip sa pahina 48 hanggang 54, gawin ang aktibidad sa ibaba.



## Magbalik-aral Tayo

1. Sa iyong palagay, bakit naaprubahan ang aplikasyon ni Peter?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Sa iyong palagay, bakit hindi napagbigyan ang aplikasyon ni Juancho?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Paano mapagbubuti ni Juancho ang kanyang pagganap sa paghiling ng visa?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40. Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, napakahusay! Kung hindi, maari mong panooring muli ang video.

## Tandaan Natin

Huwag kalimutan ang mahahalagang puntos ng araling ito.

- Tulad ng tagapanayam, ang kinakapanayam ay dapat ding maghanda para sa panayam.
- Ang sumusunod ay istratehiya sa pagsagot ng mahihirap na katanungan.
  - Magbigay ng mga maikli at direktang kasagutan.
  - Maging kalugod-lugod, magalang at maayos sa pakikitungo.
  - Makinig at sumagot lamang sa mga katanungan matapos itong marinig at ganap na maunawaan
  - Hilingin sa tagapanayam na ulitin, i-rephrase o ipaliwanag ang mga komplikado o di malinaw na katanungan.
  - Piliing hindi sumagot sa mga  di-akmang katanungan.
  - Maging tapat kung hindi mo alam ang kasagutan.
- Alamin ang wastong lugar ng panayam at kung paano makararating dito.
- Ihanda ang isusuot isang araw bago ang panayam.
- Hindi dapat mahuli sa takdang oras ng panayam.
- Alamin ang dahilan kung bakit ka kakapanayamin.
- Basahin at maingat na punan ang application form.
- Mag-isip ng mga posibleng katanungang maaaring itanong sa iyo at maghanda ng kasagutan para dito.
- Magsaliksik kung kinakailangan.

ARALIN 4


# Mga Mabubuting Kasanayan Sa Pakikipagpanayan

Sa Aralin 2, natutuhan mo kung paano maging mabuting tagapanayam. Sa Aralin 3, natutunan mo naman kung paano maging matagumpay na kinakapanayam. Ang araling ito naman ang magtuturo sa iyo ng mga kakayahan na kapwa kailangan ng tagapanayam at kakapanayamin upang maging matagumpay ang isang panayam.

Matapos pag-aralan ang Aralin 4, inaasahang alam mo nang:

- ♦ tukuyin ang mabubuting kasanayan sa pakikipanayam; at
- ♦ isagawa ang mabubuting kasanayan sa paglahok o pagsasagawa ng isang panayam.

Halos handa ka na sa anumang pakikipanayam. Alam mo na ang mga papel na gagampanan ng tagapanayam at kinakapanayam. Subalit mayroon pang mga bagay na mahalaga bukod sa pagtatanong at pagsagot sa panayam. Nararapat na alam mo rin kung ano ang isusuot, kung ano ang dadalhin, kung paano kikilos at kung ano ang sasabihin. Ang pinakamahalaga, dapat mong malaman ang tamang asal sa pagsasagawa/paglahok sa isang pakikipanayam.



## Alamin Natin

Ang tagapanayam at kinakapanayam ay parehong nararapat na mayroong mabuting kasanayan para sa matagumpay na pakikipanayam.

Ang mga kalahok ay laging nasa takdang oras ng panayam. Makatutulong din kung ang kakapanayamin ay darating ilang minuto bago ang takdang oras upang hindi siya magahol. Ang pagiging maagap para sa panayam ay isang mabuting tanda sapagkat nangangahulugan itong pinahahalagahan mo ang oras ng iyong kakausapin.

Ang bawat isa ay dapat magdala ng mga kailangang dokumento para sa panayam. Ang mga taong pupunta sa isang panayam para sa trabaho ay dapat magdala ng biodata o resume, transcript of records at iba pa.

Presentable dapat ang bawat isa. Dapat magsuot ng damit na akma para sa uri ng panayam. Karamihan sa pakikipanayam ay pormal. Nararapat na magsuot ng disente, malinis at plantsadong kasuotan.

Ang bawat isa ay dapat na maging magalang at kalugod-lugod. Nararapat din magngitian paminsan-minsan. Ang pakikipagkamay ay magiliw na tinatanggap lalo na kung magkikita sa unang pagkakataon.

Sa Aralin 3, tinalakay natin kung paano dadalhin ng kinakapanayam ang mahihirap na katanungan. Kung ikaw ang kakapanayamin, dapat mong gawing gabay ang mga pamamaraang nabanggit doon. Bilang kakapanayamin dapat maging mahusay sa pakikinig at pagsagot sa mga katanungan. Bilang tagapanayam naman, nararapat mong matutuhan ang sining ng pagtatanong.

Pareho silang dapat magsabi ng totoo. Sa ganitong paraan, malalaman ng magkabilang panig na ang bawat isa ay matapat, marangal at mapagkakatiwalaan. Dapat panatilihin ang eye contact o pagtingin ng diretso sa mata ng kausap.

Ang pagsunod sa mga patnubay na ito ay nagsisiguro ng isang matagumpay na panayam.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Ngayong alam mo nang lahat ang tungkol sa mabubuting kasanayan sa pakikipanayam, handa ka nang maging tagapanayam o kakapanayamin.

1. Isagawa ang panayam na iyong inihanda para sa napiling tao mula sa iyong komunidad sa Aralin 1. Gamitin ang mga kakayahang iyong natutuhan sa buong modyul. Gumamit ng gabay sa pakikipanayam na iyong inihanda sa Aralin 2. Hayaang magmasid ang iyong Tagapagturo habang isinasagawa mo ang lahat. Itanong sa kanya kung ikaw ay:

    - dumating sa takdang oras;
    - magsuot ng disente, malinis at plantsadong damit;
    - bumati nang maayos sa kakapanayamin, nagpakilala nang mahusay, at malinaw na naipahayag ang layunin ng panayam;
    - sumunod sa gabay sa pakikipanayam;
    - magalang at kalugod-lugod sa kinakapanayam; at
    - nakipagkamay sa kinakapanayam bago at matapos ang panayam at nagpasalamat nang maayos.

2. Magkunwaring ikaw ay humihiling ng visa sa Amerika. Pakiusapan ang tagapagturo upang gumanap bilang tagapanayam. Bigyan siya ng sipi ng mga katanungang makikita sa Aralin 3. Gamitin ang mga kasanayang iyong natutuhan dito sa Aralin 4. Pagkatapos ng panayam, itanong sa iyong tagapagturo kung ikaw ay:

   - ♦ dumating sa takdang oras;
   - ♦ bumati nang maayos sa tagapanayam;
   - ♦ sumagot nang maayos sa mga katanungan;
   - ♦ magsabi ng totoo sa pagsagot s mga katanungan;
   - ♦ hindi humadlang sa tagapanayam habang ito ay nagtatanong;
   - ♦ magalang at kalugod-lugod sa tagapanayam; at
   - ♦ nakipagkamay bago at matapos ng panayam.

Upang malaman kung naisagawa mo ito nang mahusay, dapat na tsekan ng tagapagturo ang lahat ng aytem sa talaan.



## Tandaan Natin

- ♦ Ang sumusunod ay nararapat na laging tandaan kapwa ng tagapanayam at kinakapanayam:
  - Dumating sa takdang oras ng panayam.
  - Dalhin lahat ang kailangang dokumento para sa panayam.
  - Maging presentable.
  - Maging magalang at kalugod-lugod.
  - Laging magsabi ng totoo, maging matapat.
  - Tandaan ang mga kasanayang natutuhan mula sa Aralin 2 at 3.

Dito nagtatapos ang modyul. Binabati kita dahil natapos mo ito. Nagustuhan mo ba? Mayroon ka bang natutuhang kapaki-pakinabang? Isang buod ng mga pinakamahahalagang puntos ang nakasaad sa ibaba upang lalo mo itong matandaan.



## Ibuod Natin

Ang modyul na ito ay nagsasabi na:

- Ang **pakikipanayam** ay isang pormal na pakikipagkita at pakikipag-usap sa isang tao upang makakuha ng karagdagang impormasyon.
- Ang iba't-ibang uri ng panayam ay: pamimiling panayam, panayam upang mangalap ng impormasyon, panlutas-suliraning panayam at panayam-panghihikayat.
- Ang **tagapanayam** ang siyang natatanong sa isang panayam.
- Ang **kinakapanayam,** sa kabilang dako, ang siyang sumasagot sa mga katanungan.
- Ang pakikipanayam ay may tatlong malaking bahagi: (1) ang pambungad o panimula, (2) ang katawan ng panayam at (3) ang pangwakas.
- Sa **pambungad** o **panimula,** ang tagapanayam ay bumabati sa kinakapanayam, nagpapakilala ng sarili at inilalahad ang layunin ng panayam.
- Sa **katawan** ng panayam, ang tagapanayam ay nagbibigay ng mga katanungan.
- Ang sumusunod ay mga uri ng tanong sa pakikipanayam:
    - mga bukas sa dulong katanungan
    - mga saradong katanungan
    - mga susing katanungan
    - mga patapos na katanungan
    - mga panalaming katanungan
- Ang **gabay sa pakikipanayam** ay isang balangkas ng mga katanungang maaari mong itanong sa isang panayam.
- Ang **pangwakas** ay nangangahulugan ng pagtatapos ng panayam.
- Ang sumusunod ay mga estratehiyang maaaring gamitin ng kinakapanayam sa pagsagot ng mahihirap na katanungan:
    - magbigay ng maikli at direktang kasagutan.
    - maging kalugod-lugod, magalang at maayos sa pakikitungo.
    - makinig at sumagot lamang sa katanungan matapos itong marinig at maunawaan nang husto.

- hilingin ang tagapanayam na ulitin, i-rephrase o ipaliwanag ang mga komplikado o di malinaw na katanungan.

♦ Ang sumusunod ay mga patnubay para sa tagapanayam at kakapanayamin:

- Dapat laging dumating sa takdang oras ng panayam
- Dalhin lahat ang mga kailangang dokumento sa oras ng pakikipanayam.
- Maging presentable.
- Laging maging magalang at kalugod-lugod.
- Laging magsabi ng totoo. Maging matapat.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Itugma Hanay A sa mga nakatala sa Hanay B. Isulat ang mga titik ng iyong sagot sa mga patlang bago ang bilang. Ipaliwanag ang iyong sagot.

**A**

**Pakikipanayam**

____ 1. panayam sa pagpasok sa kolehiyo

Bakit?_________________

_______________________

_______________________

____ 2. pananaliksik o survey

Bakit?_________________

_______________________

_______________________

____ 3. panayam bago matanggap (sa ospital)

Bakit?_________________

_______________________

_______________________

**B**

**Uri ng Pakikipanayam**

a. pangangalap ng impormasyon

b. panlutas-suliranin

k. panayam-panghihikayat

d. pamimiling panayam

____ 4. sarbey para sa produkto

Bakit?___________________

_________________________

_________________________

B. Bilugan ang titik ng wastong kasagutan.

1. Ang taong sumasagot sa mga katanungan sa pakikipanayam ay tinatawag na ___________.
   a. tagapanayam
   b. tagapag-ulat
   c. paksa
   d. kinakapanayam
2. Ang taong nagtatanong sa pakikipanayam ay tinatawag na _________.
   a. tagapanayam
   b. tagapag-ulat
   c. paksa
   d. kinakapanayam
3. Alin sa sumusunod ang bukas-sa-dulong katanungan?
   a. Ano ang iyong gagawin sa ating suliranin sa basura?
   b. Maari ka bang dumalo sa lahat ng counseling session?
   c. Ikaw ba ang magiging bagong puno ng konseho?
   d. Iaapela mo ba ang desisyon sa iyong kaso?
4. Ang mga katanungang ibinibigay sa kinakapanayam upang higit niyang maipaliwanag ang kanyang kasagutan ay tinatawag na _____________.
   a. patapos na katanungan
   b. panunod na katanungan
   c. saradong katanungan
   d. wala sa mga nabanggit

C. Alin sa mga pahayag na nakasaad sa ibaba ang totoo tungkol sa pakikipanayam? Bilugan ang titik ng iyong mga sagot.

a. Ang mga tao ay hindi dapat matakot sa pakikipanayam.

b. Laging magsabi ng totoo sa panayam.

c. Ang mga kakapanayamin ay kailangan ding maghanda para sa pakikipanayam.

d. Ang mabubuting kasanayan sa pakikipanayam ay para lamang sa tagapanayam, at hindi sa kinakapanayam.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Kung ang nakuha mong puntos ay:

0–3 Kailangan mong pag-aralang muli ang modyul na ito.

4–6 Mahusay! kailangan mo lang basahin ang mga bahagi kung saan ka nagkamali.

7–8 Napakagaling! Handa ka na para sa anumang panayam.

Binabati kita!

## Batayan sa Pagwawasto

**A. Aralin 1**

*Subukan Natin Ito (pahina 4)*

1. b
2. d
3. c
4. a

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

| Pakikipanayam | Uri |
|---|---|
| Tatay - panayam para sa trabaho bilang manggagawa sa konstruksyon<br>Ako - panayam para sa part-time na trabaho<br>Ate - panayam para maging kahera ng tindahan | Pamimiling Panayam |
| Sarbey para sa eleksyon<br>Sensus<br>Panayam para sa isang proyektong pananaliksik | Pangangalap ng impormasyon |
| Pagpupulong tungkol sa pag-aayos na gagawin sa bulwagang pambarangay<br>Pagpupulong tungkol sa pagliit ng bilang ng mga kliyente ng kompanya<br>Pagpupulong tungkol sa pagkasira ng mga kompyuter sa opisina | Panlutas-Suliranin |
| Sarbey tungkol sa produkto<br>Pangangalap ng kasapi para sa kooperatiba<br>Mga estratehiya sa pangangampanya ng mga kandidato sa eleksyon | Panghikayat |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 9)*

Kung ako ay magsasagawa ng isang panayam sa isang tao sa aming komunidad, kakapanayamin ko ang aming kapitan ng barangay. Magsasaliksik ako kung paano hinaharap ng aming barangay ang mga nagba-vandal. Magsasagawa ako ng isang pangangalap ng impormasyong panayam.

Kakapanayamin ko si G. Rodolfo Reyes.

Siya ang kapitan ng aming barangay.

Ang pakikipanayam ay tungkol sa kung papaano niya hinharap ang mga nagba-vandal.

Ang panayam ay nakatakda sa Sabado, 9:30 ng umaga.

## B. Aralin 2

*Magbalik-aral Tayo (pahina 14)*

1. Ako ang tagapanayam
2. Ang Kapitan ng aming Barangay ang kakapanayamin.

*Subukan Natin Ito (pp. 14–15)*

1. 5
2. 3
3. 4
4. 6
5. 2
6. 1

*Magbalik-aral Tayo (pahina 20)*

1. Ito ay isinagawa upang malaman kung bakit tila hindi epektibo ang mga proyektong isinasagawa sa komunidad nina Fe at Lani.
2. Binati nila si Konsehal Erice at sinabi dito ang paksa ng pakikipanayam.
3. 
   - Anu-anong proyekto ang nakahanay para sa aming barangay?—susing katanungan.
   - Maaari mo ba kaming bigyan ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga proyektong ito?—bukas sa dulong katanungan.
   - Kung Hilagang Fairview ang prayoridad para sa proyektong health center, bakit wala kaming nakikitang anumang ginagawa?—panunod na katanungan.

- Kayo ba ang mamumuno sa proyektong ito?—saradong katanungan.
- Maaari po ba nating sabihin na sa lalong madaling panahon, ang ating health center ay muling maitatayo, at may mas mabubuting gamit?—panalaming katanungan.
- Mayroon po ba kayong nais iparating sa kapitan ng aming barangay at sa mga mamamayan ng Hilagang fairview?—paglilinaw na katanungan.

4. Nagpapasalamat sila kay konsehal Erice at nakipagkamay bago lumisan.

## C. Aralin 3

*Magbalik-aral Tayo (pahina 29)*

1. Ang aplikasyon ni Peter ay naaprubahan sapagkat siya ay:
   - Nakadamit ng akma para sa panayam. Nagsuot siya ng polong mahaba ang manggas, islaks at itim na sapatos.
   - Maikli at direktang sumagot sa mga katanungan. Siya ay handa para sa panayam.
   - Magalang sa tagapanayam.
2. Ang aplikasyon ni Juancho ay hindi naaprubahan sapagkat siya ay:
   - Hindi angkop ang kasuotan. Siya ay naka-jeans at t-shirt lamang.
   - Nagbigay ng malabo at di-tiyak na kasagutan at mga impormasyong hindi kailangan. Hindi niya alam ang wastong kilos sa isang pakikipanayam.
   - Hindi magalang sa tagapanayam.
3. Katulad ni Peter, dapat ay nagtanong si Juancho sa mga taong nakaranas na ng panayam sa paghiling ng visa upang malaman niya ang mga dapat at di dapat gawin. Sa ganitong paraan, malalaman niya kung ano ang mga impormasyong kailangan at hindi. Sapagkat hindi siya handa, ang tagapanayam ay hindi nasiyahan sa kanyang mga sagot.

**D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?** *(pp. 35–37)*

A. 1. **(d)** sapagkat ang pakikipanayam na ito ay naglalayong sumala sa magiging mag-aaral sa kolehiyo. Ito ang pipili sa mga kuwalipikadong mga kinakapanayam upang makapasok sa kolehiyo.

2. **(a)** sapagkat ang sarbey ay naglalayong matuklasan/malaman ang kaisipan, damdamin at gawi ng mga tao.

3. **(b)** sapagkat ang pakikipanayam na ito ay naghahangad matuklasan ang anumang karamdaman ng pasyente.

4. **(c)** sapagkat ang sarbey na ito ay nanghihimok sa tao upang bilhin ang isang tanging produkto kaysa sa iba.

B. 1. d

2. a

3. a

4. b

K. Ang umusunod ay dapat bilugan: a, b at c.

## Apendiks


**Ang Panayam**

*Unang Bahagi—Ang Sining ng Pagtatanong*

*Mga Tauhan:*

| | |
|---|---|
| Fe | kasapi ng Sangguniang Kabataan; naatasang magsagawa ng pakikipanayam sa konsehal |
| Lara | kasapi ng Saanggunaiang Kabataan; naatasang magsagawa ng pakikipanayam sa konsehal |
| Konsehal Erice | ang konsehal ng lungsod na kanilang kakapanayamin |
| Kapitan ng Barangay | puno ng Barangay Hilagang Fairview |
| Kalihim | Kalihim ni Konsehal Erice. |

Ang Kapitan ng Barangay Hilagang North Fairview ay nagpatawag ng pinagsamang pagpupulong ng Konseho ng Barangay at mga kasapi ng Sangguniang Kabataan. Habang nagpupulong…..



**Kapitan ng Barangay:** Mayroon akong palagay na ang ating barangay ay napapabayaan. Kung inyong napapansin, iba't ibang proyekto na pinondohan ng konsehong panlungsod ang kasalukuyang sinisimulan sa ating mga karatig-barangay. Subalit sa ating lugar, tila walang ganitong nangyayari. Dahil dito, sa palagay ko'y kailangan nating kumilos. Kung sasang-ayon kayo. nais kong makipag-usap tayo sa konseho ng lungsod at sa alkalde.

Bago matapos ang pagpupulong, ang kapitan ng barangay ay bumuo ng mga pangkat na kakapanayam sa alkalde ganoon din sa mga kasapi ng konseho ng lungsod. Sa pagtatapos ng pulong...

**Kapitan ng Barangay:** Okey, bilang pagbubuod, ang mga kasapi ng konseho ng barangay ay makikipag-usap sa punong bayan at magtatanong tungkol sa mga posibleng proyekto para sa ating barangay samantalang ang mga miyembro ng Sangguniang Kabataan ay mamamahala sa pakikipanayam sa mga konsehal ng lungsod. Tandaan ang inyong mga pangkat. Fe at Lara, maaari ba ninyong kapanayamin si Konsehal Edward Erice?

Matapos ang pulong, sina Fe at Lara ay pumunta sa bahay ng una upang pag-usapan kung ano ang kanilang gagawin para sa kanilang pakikipanayam.



**Fe:** Sa aking palagay, dapat muna tayong tumawag sa tanggapan ng konsehal para bigyan tayo ng takdang araw para sa panayam.

**Lara:** Magandang ideya! Pero simulan muna nating ihanda ang mga katanungan para sa kanya.

**Fe:** Tama. Sa ganitong paraan, magagamit natin nang husto ang ating panahon at makasisigurong makukuha natin ang lahat ng impormasyong kailangan natin. Bakit hindi natin simulang isulat ang mga katanungang ating maiisip?

**Lara:** Sige.

Matapos ihanda ang mga tanong, sina Fe at Lara ay nagtungo sa tanggapan ng konsehal upang magpaiskedyul ng panayam.



**Fe:** Magandang umaga po. Ako po si Fe dela Cruz at ito naman si Lara Fabrego. Kapwa po kami taga-Barangay Hilagang Fairview. Nais po sana naming kapanayamin si Konsehal Erice. Maaari po bang humingi ng iskedyul para sa panayam.

**Kalihim:** Maari ko bang malaman kung tungkol saan ito upang maipaalam ko sa kanya?

**Fe:** Nais po namin siyang kapanayamin tungkol sa mga proyekto para sa aming barangay. Narito po ang liham mula sa kapitan ng aming barangay.

**Kalihim:** Sige. Libre siya sa Miyerkules, mula ika-sampu hanggang ika-labindalawa ng tanghali. Sa palagay ba ninyo ay sapat na iyon para sa inyong panayam?

**Fe:** Opo. Malugod po naming tatanggapin ang pakikipanayam sa araw na iyon.

**Kalihim:** Okey. Hihintayin namin kayo sa Miyerkules.


**Lara at Fe:** Maraming salamat po.

Makaraan ang ilang araw, habang ang kapitan ng barangay ay abala sa pag-aasikaso sa mga ka-barangay, dumating sina Fe at Lara upang mag-ulat tungkol sa kanilang takdang gawain.


**Kapitan ng barangay:** Kumusta ang inyong pakikipanayam kay Konsehal Erice?

**Fe:** Kapitan, may iskedyul na po kami ng pakikipagkita sa kanya. Ang aming pakikipanayam ay gaganapin sa kanyang tanggapan bukas, Miyerkules, mula ika-sampu hanggang ika-labindalawa ng tanghali.

**Kapitan ng Barangay:** Magaling.



Sa takdang araw at oras, nagtungo sina Fe at Lara sa tanggapan ni Konsehal Erice.



**Kalihim:** Sir……. (tinatawag ang pansin ng konsehal)

**Fe at Lara:** Magandang umaga po.

**Konsehal Erice:** Magandang umaga sa inyo. Pasok kayo at maupo.

**Konsehal Erice:** Kayo ay mula sa Barangay Hilagang Fairview, hindi ba?

**Lara:** Opo. Narito po kami upang magtanong sa inyo tungkol sa mga proyekto para sa aming barangay.

**Konsehal Erice:** Nabasa ko nga ang liham ng inyong kapitan.

**Fe:** Ang kapitan po namin ay nagpatawag ng pulong sa lahat ng pinuno ng barangay kasama ang Sangguniang Kabataan. Konsehal, naniniwala po kami na tila napapabayaan ang aming barangay pagdating sa mga proyektong pangkaunlaran.

**Konsehal Erice:** Ganoon ba? Ngayon, ano ang ibig ninyong malaman?

**Fe:** Ginoo, anu-ano po bang proyekto ang nakahanay para sa aming barangay?

**Konsehal Erice:** Mayroon kaming proyektong pangkaunlaran para sa lahat ng barangay. Mayroon tayong planong maglagay ng mga poso, pagpapabuti at pagpapaayos ng mga health center, pagdaragdag ng higit pang kagamitang panturo sa paaralan. Ang Barangay Hilagang Fairview ay makatitiyak na sila’y kabahagi sa lahat ng ito.

**Lara:** Maari po ba ninyo kaming bigyan ng dagdag pang kaalaman tungkol sa mga proyektong ito?

**Konsehal Erice:** Sa ngayon, inuuna namin ang mga barangay na higit na nangangailangan ng tulong. Halimbawa, para sa poso ng tubig, ang Barangay Sta. Fe ang prayoridad. Kung hindi ako nagkakamali, ang barangay Hilagang Fairview ay isa rin sa prayoridad para sa proyektong poso ng tubig. Para naman sa proyekto sa health center, ang inyong barangay ay tiyak ring mauuna sapagkat batid namin na ang inyong health center ay nangangailangan ng malakihang pag-aayos.

**Lara:** Ginoo, kung ang Hilagang Fairview po ang prayoridad para sa proyekto ng health center, bakit po tila wala kaming nakikitang anumang ginagawa?

**Konsehal Erice:** Ito ay dahil naghihintay pa tayo ng pondo para sa proyektong nabanggit. Subalit kapag natanggap natin ito, sisimulan agad natin ang pagpapapagawa ng health center.

**Fe:** Kayo po ba ang namumuno sa proyekto ng mga health center?

**Konsehal Erice:** Oo, batid kong kailangang kumilos tungkol sa suliranin ng inyong health center sa lalong madaling panahon.

**Fe:** Salamat po. Maari po ba nating sabihin na ang health center ay maipatatayong muli at magkakaroon ng higit na kagamitan?


**Konsehal Erice:** Oo, maaari mong sabihin iyan. Ngunit gaya ng nabanggit ko kanina, ang malaking usapin ay ang pondo.

**Lara:** Ginoo, bago po matapos ang panayam na ito, mayroon ba kayong nais iparating sa aming kapitan at sa mga mamamayan ng Barangay Hilagang Fairview?

**Konsehal Erice:** Pakisabi sa inyong kapitan, ganon din sa mga mamamayan ng inyong barangay na ikinalulungkot namin kung sa inyong palagay ay napapabayaan ang inyong barangay. Hindi ito totoo. Ipinapangako kong gagawin kayong prayoridad sa mga proyektong pangkaunlaran.

**Fe:** Marami pong salamat sa inyong panahon. Ihahatid po namin ang inyong mensahe sa aming kapitan ganon din sa mga mamamayan ng Hilagang Fairview.

**Konsehal Erice:** Maraming salamat din sa pagbibigay ninyo ng pagkakataon upang maipaliwanag ko ang maraming bagay. Lagi ninyong tandaan na bukas anumang oras para sa inyo ang tanggapang ito.



Masayang lumisan sina Fe at Lara sa tanggapan ni Konsehal Erice.


*Ikalawang Bahagi—Ang Sining ng Pagsagot sa mga Katanungan*

Ang Ikalawang bahagi ay tungkol sa dalawang aplikante sa pagkuha ng visa, sina Peter at Juancho. Basahin at alamin kung paano naghanda ang bawat isa at kung paano sila sumailalim sa panayam para sa aplikasyon ng kanilang visa.

*Mga Tauhan:*

| | |
|---|---|
| Peter | aplikante ng visa |
| Juancho | aplikante ng visa |
| Tagapanayam 1 | Tagapanayam ni Peter |
| Tagpanayam 2 | Tagapanayam ni Juancho |
| Terry | maybahay ni Juancho |
| Gina | maybahay ni Peter |

Katatapos lamang ni Gina na plantsahin ang mga damit na isusuot ni Peter para sa panayam bukas. Pumasok siya sa silid na dala ang bagong plantsang pantalon ni Peter at polong may mahabang manggas. Nakita niya itong nagbabasa ng kapirasong papel.



**Gina:** Naplantsa ko na ang pinakamaayos mong pantalon at mahabang manggas na polo para sa iyong panayam bukas.

**Peter:** Salamat.

**Gina:** Ano ang ginagawa mo?

**Peter:** Nag-aaral ako.

**Gina:** Nag-aaral ng ano?

**Peter:** Ng mga karaniwang itinatanong sa isang panayam para sa aplikasyon ng visa.

**Gina:** Saan mo nakuha ang mga katanungan?

**Peter:** Nagtanong ako doon sa mga nakaranas nang humiling ng visa upang magkaroon ako ng ideya. Subukan mo ngang itanong sa akin ang mga ito?

**Gina:** Sige. Gaano katagal ang balak mong pagtigil sa Amerika?

**Peter:** Tatagal po ako doon sa loob ng dalawang linggo.

**Gina:** Hindi ba napakaikli ng iyong sagot?


**Peter:** Sabi nila, dapat daw maikli at direkta ang iyong kasagutan.

**Gina:** Ang ibig mong sabihin hindi mo na kailangang magpaliwanag?

**Peter:** Hindi naman sa hindi ko kailangang magpaliwanag. Ang panayam ay tatagal lamang sa loob ng ilang minuto, at ang tagapanayam ay walang panahong makinig sa aking mga kuwento gaano man ito kainteresante.

**Gina:** Okey, ang susunod na katanungan.

Samantala, si Juancho ay nakatakda ring kapanayamin para sa aplikasyon ng visa sa susunod na araw. Habang si Peter ay abala sa pag-aaral sa mga katanungan para sa panayam, si Juancho ay naglilibang at nanonood lamang ng telebisyon. Pumasok ang asawa niyang si Terry sa kanilang silid….



**Terry:** Ang iyong panayam para sa visa ay nakatakda bukas, hindi ba?

**Juancho:** Oo.

**Terry:** Handa na ba ang iyong isusuot?

**Juancho:** Pumili ka lang ng polo-shirt at maong para sa akin.

**Terry:** Anong oras ka aalis?

**Juancho:** Siguro ika-siyam ng umaga.

**Terry:** Hindi ka ba mahuhuli? Ang iyong panayam ay nakatakda sa ganap na ika-sampu, hindi ba?

**Juancho:** Hindi naman siguro ako matatrapik.

**Terry:** Mayroon ka bang ideya kung ano ang itatanong ng tagapanayam?

**Juancho:** Hindi ako sigurado. Magsasabi na lang ako ng totoo! Mayroon naman akong salapi, at pupunta ako doon upang dumalo sa kasalan. Sa palagay ko ay hindi mahirap para sa kanila ang unawain iyon.

**Terry:** Okey, okey.

Nang sumunod na araw, sina Junacho at Peter ay sumailalim sa kanilang panayam para sa aplikasyon sa visa. Narito ang naganap sa pakikipanayam kay Peter….



**Peter:** Magandang umaga po.

**Tagapagpanayam 1:** Magandang umaga, maupo ka. Ngayon ka lang ba nakaranas humiling ng visa sa Amerika?

**Peter:** Opo.

**Tagapanayam 1:** Gaano mo katagal binabalak tumigil sa Amerika?

**Peter:** Dalawang linggo po.

**Tagapanayam 1:** Ano ang layunin mo sa iyong pagdalaw?

**Peter:** Magbabakasyon po.

**Tagapanayam 1:** Saan mo binabalak maglagi?

**Peter:** Mayroon po akong pinsan sa L.A. Doon po ako titira kasama ng kanyang pamilya.

**Tagapanayam 1:** Bukod sa iyong pinsan sa L.A., mayroon ka pa bang ibang kamag-anak sa Amerika?

**Peter:** Mayroon po akong tiyuhin na nakatira sa New York ngunit hindi ko po alam ang eksaktong lugar.

**Tagapanayam 1:** Sino ang gagastos ng iyong paglalakbay?

**Peter:** Ako po.

**Tagapanayam 1:** Talaga bang kaya mong tustusan ang iyong paglalakbay?

**Peter:** Sa palagay ko po. Mayroon po akong salapi sa bangko. Kung nais ninyo, maaari kong ipakita ang mga dokumento.

**Tagapanayam 1:** Hindi, okey na. Mayroon ka bang trabaho dito?

**Peter:** Opo. Nagtatrabaho po ako bilang *sales person* para sa isang kumpanya ng damit.

**Tagapanayam 1:** Mayroon ka bang sariling bahay?

**Peter:** Halos bayad na po ang aking bahay, Ma'am. Narito po ang mga dokumento.

**Tagapanayam 1:** Salamat. Mayroon ka bang balak na magtrabaho sa Amerika?

**Peter:** Tinatanong po ba ninyo kung balak kong magtrabaho sa loob ng dalawang linggong ilalagi ko sa Amerika?

**Tagapanayam 1:** Oo.


**Peter:** Hindi po. Magbabakasyon lang po ako sa loob ng dalawang linggo.

**Tagapanayam 1:** Ano ang binabalak mong gawin sa iyong bakasyon?


**Peter:** Habang nasa L.A., pupunta po ako sa Hollywood o Disneyland at mamamasyal sa ibang lugar sa paligid ng L.A.

**Tagapagpanayam 1:** Okey, aaprubahan ko ang iyong aplikasyon. Matatanggap mo ang iyong bisa makaraan ang dalawang araw.

**Peter:** Maraming salamat po.



Masayang lumisan si Peter mula sa embahada. Samantala, sa panayam ni Juancho...



**Juancho:** Magandang umaga.

**Tagapanayam 2:** Magandang umaga, maupo ka. Ano ang dahilan ng paghiling mo ng visa?

**Juancho:** Ginoo, ang kapatid ng aking hipag ay ikakasal at naanyayahan ako. Isa ako sa mga ninong sa kasal. Noon pa may gusto ko nang pumunta sa Amerika, at ang kasalang ito ay magandang pagkakataon upang dumalaw. Nais ba ninyong makita ang imbitasyon?

**Tagapanayam 2:** Hindi, huwag na. Magpatuloy tayo. Gaano katagal ang balak mong pagdalaw sa Amerika?

**Juancho:** Pagkatapos ng kasalan, gusto kong mamasyal at dumalaw sa iba ko pang kamag-anak. Gusto kong makita ang iba't-ibang bahagi ng Amerika lalo na ang New York. Ang sabi kasi nila, *exciting* doon. Siguro, mga ilang linggo. Wala namang agarang gawain na aasikasuhin pagbalik ko dito kaya maari akong mawala nang medyo matagal.

**Tagapanayam 2:** Saan mo balak maglagi habang ikaw ay nasa Amerika?

**Juancho:** Marami po akong malapit na kamag-anak sa Amerika. Sa kanila ako titira.

**Tagapanayam 2:** Ano ang iyong pinagkakakitaan?

**Juancho:** Ako ay negosyante.

**Tagapanayam 2:** At ano ang iyong negosyo?

**Juancho:** Ako ay dealer ng LPG at mayroon din akong tindahang sari-sari. Bukod dito, meron din akong paupahan ng mga video. Mayroon din akong sasakyang naghahatid-sundo sa mga mag-aaral.

**Tagapanayam 2:** Ikaw ba ang gagastos para sa iyong biyahe?

**Juancho:** Oo.

**Tagapanayam 2:** Mayroon ka bang sapat na salapi para sa iyong paglalakbay?

**Juancho:** Oo. Gaya ng aking nabanggit, mayroon akong mga negosyo.

**Tagapanayam 2:** Mayroon ka bang mga dokumento na nagpapatunay ng iyong pag-aari sa mga negosyo?

**Juancho:** Sandali lamang. *(Hinahanap ni Juancho ang mga papeles sa kanyang enbelop, subalit hindi niya makita ang mga dokumento.)* Narito iyon. Sigurado akong dala ko ang mga iyon. *(Muling inisa-isa ni Juancho ang kanyang mga papeles.)* Ikinalulungkot ko. Naiwan ko yata sa bahay ang mga papeles.

**Tagapanayam 2:** Okey, hindi na bale. Mayroon ka bang hangaring magtrabaho sa ibang bansa?

**Juancho:** Kung mabibigyan ng pagkakaton, gusto ko po. Alam po ninyo, mas mainam manirahan doon kaysa rito. Pero sa biyaheng ito, hindi pa. Dadalo lamang ako sa kasalan at mamimili ng pasalubong o anumang bagay para sa aking tindahan. Ang sabi nila sa akin ay marami raw malalaking tindahan sa New York kung saan mura ang mga de-latang produkto. Pagkatapos kong mamili, babalik na ako dito.

**Tagapanayam 2:** Ikinalulungkot ko, Ginoong Castillo, subalit hindi ko maaaring aprubahan ang iyong aplikasyon.

**Juancho:** Ano?! Subalit Ginoo, mayroon akong salapi upang makapunta doon! Babalik ako!

**Tagapanayam 2:** Ikinalulungkot ko. Kung inyong mamarapatin, marami pang aplikanteng naghihintay sa labas.

Si Juancho ay bigong lumisan sa embahada.

